

# Komisyon ng mga Eleksyon

## *Lungsod at County ng San Francisco*

Lucy Bernholz, Presidente


Charles Jung, Bise Presidente

Viva Mogi, Komisyoner

Christopher Jerdonek, Komisyoner

Roger Donaldson, Komisyoner

Becca Chappell, Komisyoner



John Arntz, Direktor ng mga Eleksyon

Martha Delgadillo, Kalihim

### **2021 Task Force para sa Muling Pagdidistrito para sa Lungsod at County ng San Francisco sa Superbisoryal na mga Distrito, Imbitasyon mula sa Komisyon ng mga Eleksyon ng San Francisco para sa Aplikasyon sa Bakanteng mga Puwesto**

**Petsa ng Pag-post: Marso 19, 2021, muling pinost ayon sa pagkakarebisa, Abril 23, 2021  
Deadline para sa Aplikasyon: Hunyo 1, 2021, 5:00 PM PDT**

Inaanyayahan ng Komisyon ng mga Eleksyon ng San Francisco ang mga residente ng San Francisco na mag-apply para maitalaga sa isa sa tatlong puwesto ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito (Redistricting Task Force, RTF). Ang RTF ay binubuo ng siyam na miyembro, tatlong itinalaga ng Lupon ng mga Superbisor, tatlong itinalaga ng Mayor, at tatlong itinalaga ng Komisyon ng mga Eleksyon.

Kasunod ng bawat kadekadang senso, muling iginuguhit ng San Francisco ang pandistritong linya ng mga distrito ng Lupon ng mga Superbisor upang matugunan ang mga pagbabago sa populasyon. Nagtatrabaho ang Task Force kasama ang isang taga-labas na konsultant para muling mabalanse ang bilang ng populasyon sa bawat superbisoryal na distrito. Magdedesisyon ang Task Force sa pandistritong mga linya batay sa pederal na senso at alinsunod sa batas at sa pamantayang itinakda sa Charter ng Lungsod at County ng San Francisco SEC. 13.110, at babaguhin kung kinakailangan, batay sa input ng publiko at pampublikong mga pagdinig. Magpupulong ang Task Force nang hindi mas maaga sa Agosto 1, 2021 at kailangang makumpleto nito ang trabaho nang hindi lalampas ng Abril 15, 2022.

Sa pagsusumite ng aplikasyon, mangyaring isaalang-alang ang inyong abilidad at kakayahan ng iskedyul na lubusang makibahagi sa mahalagang gawaing ito. Bilang reperensiya, ang 2010 mga Task Force para sa Muling Pagdidistrito ay nagpulong nang 30 beses, na may mas madalas na pagpupulong habang papalapit na ang deadline. Ang eksaktong mga petsa, oras, lugar at bilang ng mga pagpupulong ay pagdedesisyunan ng Task Force habang nasa kalagitnaan ng pagtatrabaho.

Kailangan kumpletuhin ng sinumang interesado ang kalakip na aplikasyon. Kailangang isumite ang nakumpletong mga aplikasyon sa Kalihim ng Komisyon ng mga Eleksyon sa 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Rm 48, S.F 94102, o bilang email attachment sa [elections.commission@sfgov.org](mailto:elections.commission@sfgov.org).

**Mga Sunod na Hakbang:** Ang mga aplikanteng natugunan ang minimum na mga kwalipikasyon ay kokontakin ng Kalihim ng Komisyon ng mga Eleksyon upang dumalo sa isa sa mga regular na pagpupulong nito sa ikatlong Miyerkules ng buwan kapag natukoy na ng Presidente ng Komisyon ang petsa ng pagdinig. Tatalakayin ng mga miyembro ng Komisyon ng mga Eleksyon sa pagpupulong ang pagtatalaga sa (mga) puwesto at maaaring hilingin sa (mga) aplikante na ilarawan ang kanilang mga

kwalipikasyon. Tatalakayin at aaaprubahan ng Komisyon ng mga Eleksyon ang pagtatalaga sa mga indibidwal.

Itinakda ng Komisyon ng mga Eleksyon ang mga sumusunod na minimum na pamantayan para sa mga aplikante:

1. Residente ng San Francisco at edad 18 taong gulang o higit pa, alinsunod sa Charter ng Lungsod 4.101(b);
2. Hindi naging kandidato para sa politikal na katungkulan o binayaran sa isang kampanya ng kandidato sa San Francisco sa nakaraang limang taon;
3. May pangkalahatang kaalaman sa mga komunidad sa San Francisco, at heograpiya;
4. May maluwag na iskedyul para makadalo sa mga pagpupulong;
5. Walang conflict of interest (hindi pagkakatugma ng pansariling interes at opisyal na responsibilidad) ayon sa depinisyon sa Conflict of Interest at Iba pang Ipinagbabawal na mga Aktibidad para sa mga opisyal ng Lungsod (San Francisco Campaign and Conduct Code [3.1-100 – 3.1-500](#) at [Chapter 2](#)); at
6. Hindi kasalukuyang empleyadong direktang inempleyo ng inihalal na opisyal sa San Francisco.

Para makonsidera ng Komisyon ng mga Eleksyon, kailangang ibigay ng mga aplikante ang sumusunod:

1. Isang pahayag kung bakit kayo interesadong sumali sa Task Force;
2. Isang pahayag na kumukumpirma na natutugunan ninyo ang minimum na pamantayan para maitalaga sa puwesto;
3. Isang pahayag ng pagkakaroon ng maluwag at maalwan na iskedyul;
4. Paglalarawan sa inyong civic engagement (pakikibahagi sa sibikong layunin) kabilang na ang anumang electoral engagement (pakikibahagi sa elektoral na layunin);
5. Paglalarawan sa inyong karanasan sa trabaho; at
6. Isang pahayag sa kung papaano nirerepresenta ng inyong mga kwalipikasyon ang mga komunidad kung saan nakatuon ang interes, at dibersidad ng San Francisco.

## **Komisyon ng mga Eleksyon – Aplikasyon para sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito**

**Lungsod at County ng San Francisco, 2021 Kadekadang Sensong Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mga Distrito ng Lupon ng mga Superbisor: Aplikasyon para maitalaga sa puwesto ng Komisyon ng mga Eleksyon ng San Francisco**

Mangyaring magbigay ng tugon sa hinihinging impormasyon sa inilaang espasyo. Kung mas mahaba pa sa nakalaang espasyo ang inyong sagot, maaari ninyo itong ilagay sa hiwalay na pahina o magbigay ng kapalit na dokumentong naglalaman ng parehong impormasyon.

Pangalan:

Address kung saan maaaring makontak:

Numero ng telepono kung saan maaaring makontak:

Email Address kung saan maaaring makontak:

Ako ay residente ng San Francisco: Oo [  ] Hindi [  ]

Ako ay 18 taong gulang o higit pa: Oo [  ] Hindi [  ]

1. Mangyaring magbigay ng pahayag kung bakit kayo interesado sa puwesto sa task force na ito:

2. Mangyaring magbigay ng pahayag na kumukumpirma na natutugunan ninyo ang minimum na pamantayan para maitalaga sa puwesto:

3. Mangyaring magbigay ng pahayag patungkol sa pagiging maluwag ng iskedyul para makadalo sa mga pagpupulong:

4. Mangyaring ilarawan ang inyong pakikibahagi sa sibikong layunin kabilang na ang anumang pakikibahagi sa elektoral na layunin:

5. Mangyaring ilarawan ang inyong karanasan sa trabaho:

6. Mangyaring ilarawan kung papaanong nirerepresenta ng inyong mga kwalipikasyon ang mga komunidad kung saan nakatuon ang interes, mga pamayanan, at ang dibersidad sa etniko, lahi, edad, sekswalidad, oryentasyon sa sekswalidad, pagkakakilanlan ng kasarian, uri ng kapansanan, at iba pang mahahalagang katangiang pang-demograpiko ng Lungsod at County ng San Francisco:



Petsa: \_\_\_\_\_ Pirma ng Aplikante: (kinakailangan) \_\_\_\_\_

(Mano-manong pumirma o i-type ang buong pangalan. TANDAAN: Sa pagta-type ng inyong kumpletong pangalan, kayo ay nangangahulugang sumasang-ayon na gumamit ng elektronikong pirma.)